
# Si Lara ang Prinsesa ng Banyera



Isinulat at Iginuhit ni

G. Cesar S. Salvame Jr.




NAVOTAS
TAS
VOTAS
NAVOTA

COPYRIGHT 2019

No part of this book may be used and reproduced, in part or whole, in any form without the written permission of the copyright owner.

First Printing for the 3rd National Competition for Storybook Writing 2019.

Story and Illustrations by

Mr. Cesar S. Salvame Jr.

Dagat-Dagatan Elementary School

Schools Division Office of Navotas City.

# Si Lara ang Prinsesa ng Banyera



Isinulat at Iginuhit ni

G. Cesar S. Salvame Jr.

Sa isang baranggay sa Navotas,

nakatira ang pamilya ni Lara.

Malapit lang ang kanilang


bahay sa palengke kung

saan sila nagtitinda ng

kanyang ina na si Aling Linda.





Store



Iba't ibang uri ng isda at pagkaing-dagat ang kanilang ibinibenta.







Sa isang araw ay halos apat na banyera ang nabebenta nila dahil sa dami ng kanilang mga suki.





Madalas na tumutulong  sa
kaniyang ina itong si Lara,
lalo na tuwing Sabado
o Linggo at kapag walang
pasok sa eskuwela.

Mula sa pakyawan ng isda kung

saan sila namamimili

ng mga paninda,





hanggang sa palengke ay

makikita mo  na laging puno

ng sigla si Lara at Aling Linda.

Kapag wala pang bumibili

ay tumutulong naman si Lara

sa kaniyang ina sa paghuhugas

ng mga banyera:



Gamit ang tabo ay binubuhusan niya ito ng malinis na tubig upang mawala ang lansa...

Pagkatapos ay kukuskusin ang bawat gilid upang matanggal ang mga kaliskis na nakadikit…

Saka itataob at patutuyuin bago nila ito iligpit...




NAVOTAS
VOTAS
NAVOTA



Habang hinihintay ni Lara ang kaniyang ina na magbilang ng benta, pinipikit niya ang kaniyang mga mata…
Siya ay nangangarap na
maging isang prinsesa.

Ang mga nakapatong na
banyera ay nagiging isang  trono
na  naghihintay sa kaniya.



Masaya si Lara, lalo na kapag may
oras siya upang maglaro.
Sa pagpikit niya ay nagbabago
ang kaniyang mundo.



Mundong napapaligiran ng mga banyera. Nangangarap at naglalaro bilang isang prinsesa, kasama ang iba pang mga kaibigan niya.

Ngunit ito ay nagbago makalipas ang isang araw na sumama ang pakiramdam ni Aling Linda.



Ilang araw na ang lumipas,
laging nakasara ang tindahan nila.
Ang usap-usapan ng mga
tindera, may malubhang sakit
daw itong ina ni Lara.

Hindi na ito makakabalik pa
upang magtinda dahil sa sakit
na katarata.




Store

**Sumapit ang kaarawan ni Lara ngunit hindi pa rin gumagaling ang kaniyang ina.**

**Napuno ng makukulay na lobo at palamuti ang buong bahay, ngunit hindi mapigilan ni Lara na mag-alala sa kaniyang ina. Nakaisip siya ng ideya...**



Bago niya hipan ang kandila ng kanyang *birthday keyk,* ipinikit niya ang kanyang mga mata, *at* sandaling humiling si Lara para sa paggaling ng kaniyang ina.





**Kinabukasan, nalaman ni Lara mula sa doktor na ang katarata ay resulta ng naipong mga protina sa lente sa loob ng mata.**


**Pinipigilan nito ang pagpasok ng liwanag sa lente ng mata na nagdudulot ng panlalabo sa paningin ng kaniyang ina.**

**Kung hindi maagapan ay patuloy na kakapal ang protina at mabubulag si Aling Linda.**

**Ang tanging solusyon ay operasyon sa mata.**

Hindi nagpakita ng takot o anumang pangamba si Lara.
Nagtungo siya sa ospital upang dalawin ang kaniyang mahal na ina.

Isang gabi bago ang araw ng operasyon, naghanda si Lara ng isang supresa para sa taong pinakamamamahal niya.



Inabot ni Lara ang bulaklak at regalo
sa kaniyang ina na nakahiga
sa kuwarto. Inilabas ang  korona
at tumayo sa isang mesa.
Nagbigay  siya ng mensahe
ng pagmamahal at suporta.



**“*Mahal kong ina, tanggapin niyo po Itong korona dahil ikaw ang reyna ng ating pamilya*,”wika ni Lara.**



*"Lahat ng  iyong sakripisyo at paghihirap ay buong puso kong ipinagpapasalamat."*

*"Ang iyong paggaling sa karamdaman. Ang magandang regalo para sa aking kaarawan,"*dagdag pa niya.



At sa pagpikit ng mag-ina,
ang mundo nila ay nag-iba.
Ang kuwarto ay naging
isang malaking palasyo.
May berdeng hardin
na at matatas na
toreng bato.

Magkahawak-kamay
silang lumakad sa trono.
Isang panaginip na tila totoo.







Makalipas ang ilang Linggo matapos ang operasyon ni Aling Linda, unti-unting nanunumbalik ang kanyang lakas at luminaw ang kaniyang mga mata.

Hindi nagtagal at nakabalik na ulit si Lara at kaniyang ina sa pagtitinda sa palengke.

**"Lara, halika ka na at uuwi na tayo,"
tawag ni Aling Linda.**

**Inayos muli ni Lara ang mga banyera at masayang tumabi sa kaniyang ina na magaling na sa sakit na katarata.**





Mula noon, ang prinsesa
ng banyera ay patuloy
pa rin sa pangangarap ngunit
mas pinipili niyang harapin ang tunay
na mundo kasama ang kaniyang
mahal na ina...

Mundo na pumapawi ng
anumang lungkot at karamdaman.
Sa piling ng kaniyang pamilya
na tunay niyang yaman.




NAVOTAS
TAS
VOTAS
NAVOTA






# TUNGKOL SA MAY AKDA

Si Cesar S. Salvame Jr. ay panlima sa walong anak ni Cesar Salvame Sr. at Anunciacion Alburo. Siya ay isinilang sa Tondo, Maynila at nanirahan sa Lungsod Navotas noong 1989. Siya ay naging guro sa Paaralang Elementarya ng Dagat-dagatan , Lungsod Navotas. Nagsimula siyang sumulat ng mga kuwento at tula, at maglapat ng himig sa mga awitin bilang isang libangan. Makikita sa kaniyang mga akda ang impluwensiya ng lungsod na kaniyang kinalakihan, mga karanasan niya bilang isang kabataan, at guro sa pampublikong paaralan. Sa kasalukuyan, sinisikap niyang maipalaganap at mapagyaman ang mga pagpapahalaga at kaugaliang Navoteňo sa pamamagitan ng kaniyang mga likhang kuwento, audiobooks at digitized learning materials.

Ginawaran siya ng Sangay ng Navotas ng Superintendents Award noong 2021 sa kanyang kontribusyon sa larangan ng edukasyon bilang lead technical director ng SDO Navotas Media Production na responsable sa paggawa ng mga video documentation, livestreaming at information campaign videos lalo na noong panahon ng pandemya.



Sa tuwing ipinipikit natin ang ating mga mata ay may isang mundo tayong nakikita. Isang mundo na likha ng ating imahinasyon.
Mundo na tayo ang hari, prinsesa o reyna o isang bayani sa sarili nating mga istorya.



Ngunit paano kung ikaw ay may sakit na katarata?
Paano papawiin ng mundo na ito ang anumang pagkatakot at pag-aalala?



Halina at tunghayan natin kung paano ang matapang na batang si Lara, ang prinsesa ng banyera, ay nagpanumbalik sa ngiti ng kaniyang pinakamamamahal na ina gamit ang mundo na nag-iiba sa pagpikit ng kanilang mga mata.

